

Ang pagbabakuna ng Bacille Calmette-Guérin (BCG) laban sa Tuberkulosis (TB)

Impormasyon para sa mga pasyente at pamilya

Bacille Calmette-Guérin (BCG) Vaccination for Tuberculosis (TB)
Information for patients and families

Filipino

Tungkol sa bakunang BCG

Ang bakuna laban sa tuberkulosis (TB) ay tinawag na bakunang bacille Calmette-Guerin (BCG). Ang TB ay isang sakit na sanhi ng bakterya ng TB na naikakalat mula sa isang tao papunta sa iba pang mga tao sa pamamagitan ng hangin. Ang TB sa baga ang pinakamalaganap na uri ngunit ang TB ay maaaring mangyari saan man sa katawan at magsasanhi ng malalang karamdaman. Ang TB ay maaaring malunasan sa pamamagitan ng mga natatanging antibiyotiko. May karagdagang impormasyon na makukuha sa health.nsw.gov.au/TB

Ang pagbabakuna ng BCG ay mas mabisa sa mga sanggol at bata kaysa mga may-edad na. Ang pagbabakuna ng BCG ay nagbibigay ng mahigit na 70% na proteksyon laban sa mga malalang uri ng TB sa mga musmos na bata (katulad ng TB sa utak). Ang bakunang BCG ay ibinibigay sa pamamagitan ng iniksyon sa ilalim ng balat sa braso.

Ang bakunang BCG ay maaaring tumagal ng 3 buwan bago pa makapagbigay ng proteksyon laban sa TB. Ang bakunang BCG ay mas mainam na ibigay 3 buwan bago magbiyahe sa isang bansang kalat ang TB. Ang pagbabakuna ng BCG ay nawawalan ng pagkabisa sa paglipas ng panahon, kadalasan sa loob ng 5 hanggang 15 taon.

Mga buhay na bakuna

Ang BCG ay isang buhay na bakuna. Ang mga taong nangangailangan ng mahigit sa isang iniksyon ng buhay na bakuna ay dapat:

- maturukan ng lahat ng kailangan nilang mga buhay na bakuna sa iisang araw, o
- magpatlang ng hindi kukulangin sa 4 na linggo sa pagitan ng mga bakunang BCG at iba pang mga buhay na bakuna.

Mag-ingat sa mga sintomas ng TB

Habang ang pagbabakuna ng BCG ay hindi lubusang nilabanan ang panganib ng TB, mangyaring maging maalam sa mga sintomas ng TB at magpatingin sa doctor kung lumabas ang mga ito. Kasama sa mga mga sintomas ng TB ang lagnat, pag-ubong nagtatagal ng mahigit na tatlong linggo, pag-ubong may kasamang dugo, pinagpapawisan sa gabi, hindi maipapaliwanag na pagkakawala ng timbang at pagkakapagod.

Sino ang dapat magpabakuna ng BCG?

Sa NSW, ang pagkabakuna ng BCG ay inirerekomenda para sa:

- mga batang wala pang edad na 5 taon na magbibiyaha ng 4 na linggo o mahigit sa isang bansa o mga bansa na kalat ang TB sa kanilang unang 5 taon ng buhay
- mga batang wala pang edad na 5 taon na tinukoy ng mga serbisyo ng TB na may patuloy na panganib ng pagkakalantad ng TB sa Australya
- mga batang wala pang edad na 5 taon na kasamang nakatira ng taong may Hansen's disease (ketong)
- mga nagtatrabaho sa pangangalaga ng kalusugan na tutulak sa ibayong-dagat upang magtrabaho sa isang bansa na kinakailangan o masinsinang inirerekumenda ang pagbabakuna ng BCG.

Ang impormasyon tungkol sa mga bansa kung saan kalat ang TB ay makikita sa health.nsw.gov.au/tb-countries

Pagtatasa bago mabakunahan

Ang isang ‘tuberculin skin test’ (Mantoux test o TST) ay kinakailangan bago magpabakuna ka o ang iyong anak ng BCG:

- ipinanganak sa isang bansa kung saan kalat ang TB
- nanirahan o nagbiyahe sa isang bansa o rehiyon kung saan kalat ang TB
- nagkaroon ng malapitang kontak sa isang taong may TB sa baga.

Ang pagbabakuna ng BCG ay hindi inirerekumenda kung ikaw ay naging positibo sa ‘tuberculin skin test’, madaling nagkakasakit, o kasalukuyang may lagnat.

Ang sugat mula sa pagkabakuna ng BCG

Pagkatapos ng pagkabakuna, hindi normal na magkakasugat sa lugar ng iniksyon. Karaniwang may ilang linggo bago magkakaroon ng pulang bukol na magiging sugat at magtatagal ng ilang buwan bago gumaling bilang isang maliit at patag na pilat. Kung ang sugat ay lumabas sa loob ng 2 hanggang 3 araw, ito ay kilala bilang isang mabilis o matulin na reaksiyon, at mahalaga na tumawag kaagad sa klinika kung saan ka nabakunahan.

Kung ikaw o ang iyong anak ay hindi nagkaroon ng kirot sa BCG sa loob ng 6 na linggo mula sa pagkakabakuna, tawagan ang klinika kung saan nabakunahan ng BCG. May ilang tao na maaaring mas mabagal ang reaksiyon sa bakuna. Sa mga pambihirang kaso, ang isang tao ay maaaring walang reaksiyon sa bakuna, hindi magkakaroon ng kirot sa BCG at hindi mapoprotektahan laban sa TB. Kung wala kang reaksiyon sa bakuna, hindi inirerekumenda ang pagkakabakuna ulit.

Paano aalagaan ang sugat sa pagkabakuna ng BCG

- panatilihin malinis at at tuyo ang mismong lugar
- magaan na tapikin para matuyo ang lugar pagkatapos maligo o mag-shower
- panatilihin hindi natatakpan ang lugar kung maaari
- huwag takpan ng plastik o plaster katulad ng ‘Band-Aid’
- huwag gumamit ng mga krema o pampahid.

Kung ang sugat ay magsisimulang magtagas (may lumalabas na likido, maaari mong takpan ito ng maluwas at malinis na tela (hal. gasa) na may tape sa palibot ngunit nakakapasok pa rin ang hangin.

Maaari mong ipagpapatuloy ang iyong mga normal na ginagawa katulad ng mga paliligo, pag-shower, paglalangoy at isport. May makukuhang karagdagang impormasyon sa [health.nsw.gov.au/bcg-sore](https://www.health.nsw.gov.au/bcg-sore)

Mayroon bang mga side effect sa pagkabakuna ng BCG?

Ang pagkabakuna ng BCG ay napakaligtas, at ang mga side-effect ay kadalasang banayad. Kabilang sa mga paminsan-minsang side effect ay:

- mabilis o lumaking sugat mula sa pagkabakuna ng BCG
- makiro, mapula at namamagang sugat mula sa pagkabakuna ng BCG
- pamamaga ng mga glandula sa kili-kili o leeg
- halatang-halatang pilat sa lugar na pinag-iniksyunan, kilala bilang ‘keloid scarring’.

Bihi-bihira na ang bakuna ay magiging sanhi ng laganap na impeksyon ng BCG na maaaring gamutin ng antibiyotiko.

Kung ikaw ay may mga pag-aalala o nakaranas ng anumang mga side effect, mangyaring kontakin ang klinika kung saan ka o ang iyong anak ay nabakunahan o ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa labas sa oras ng trabaho.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa TB o mga detalye ng inyong lokal na klinika ng TB, bisitahin ang: www.health.nsw.gov.au/Infectious/tuberculosis/